# Paghabi ng Bagong Imahe: Babaylan sa Lente ng Pantayong Pananaw

Jessie S. de Lara[1] and Mary Joy Dorupan Enriquez [2]
*[1]Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino*
*[2] Juan Sumulong High School*
*email jdelara5138@gmail.com [1]*
*maryjoy.enriquez@depedqc.ph[2]*

**Abstrak:** Layon ng pag-aaral na ito na hamunin ang ating pagtingin sa mga babaylan. Gamit ang "Pantayong Pananaw" nais na muling hubugin ang diskurso sa pre-kolonyal na panahon. Ang pagbabalik-tanaw sa trifocal na pamunuan upang lubos na maunawaan ang naging tulungan ng datu, panday at babaylan sa ating taal na komunidad. Nais ring matukoy ng pananaliksik na ito ang mga hamong kinaharap ng mga babaylan at ang unti-unting pagdungis ng kanilang imahe bunga ng kolonisasyon. Sa tulong rin ng pananaliksik na ito, nais ng mga mananaliksik na muling sipatin ang mga babaylan o katalonan bilang mahalagang tagapangalaga ng yamang panrelihiyon, kultural at kalinangang-bayan (heritage). Bitbit nya rin ang taal na karunungan sa panggagamot, sa iba't-ibang ritwal ng buhay mula sa pagsilang, pagkakasakit hanggang sa paglilibing, gayun rin ang kalinangang agrikultural mula sa pagpupunla ng lupa hanggang sa pag-aani. Kung sa gayon ay instrumental ang naging gampanin ng mga babaylan sa pagbuo ng ating kasaysayan.

**Mga Susing Salita:** Babaylan; Kasaysayan ng Langit; Pantayong Pananaw; Anito; Historiograpiyang Filipino

## 1.Panimula

Bihirang matukoy ang ating sariling Kasaysayan sa mga librong pang-elementarya. Matukoy man ang pre-kolonyal na panahon, umiikot lamang sa payak na diskusyon ng balangay bilang komunidad at sa iisang pamumuno – ang datu. Ngunit mula sa Bagong Kasaysayan (Salazar, 1999), sinasabi na tatlo o trifocal ang sentro ng pag-ikot ng sinaunang komunidad na may sari-sariling gampanin. Sa kada balangay o barangay ay masasalamin ang mga sumusunod: ang datu na siyang namamahala sa pulitika, kalakalan at ekonomiya, ikalawa ay ang panday na siya namang responsable sa paggawa ng mga kagamitang agrikultural at pandigma, gayun rin ay ang mga babaylan o katalonan na siyang nangangasiwa sa mga gawaing panrelihiyon, kultural at kalinangang-bayan (heritage).

Ang kahalagahan ng babaylan bilang isang manggagamot, punong-mandarasal, namumuno sa iba't-ibang ritwal mula sa pagsilang, pagkakasakit hanggang sa paglilibing o di kaya'y sa pagpupunla ng lupa hanggang sa pag-aani ay malaking kontribusyon sa kultura at kalinangang-bayan ng komunidad. Ngunit hindi lamang rito natatapos ang kanyang kakayahan kinikilala rin ang mga babaylan bilang isang paham na may kakaibang karunungan sa kalikasan at pamumuhay kung kaya't takbuhan rin siya upang pumagitna sa mga alitan sa komunidad. Higit sa lahat sinasabing 'lubos na kinagigiliwan' rin ang mga babaylan ng mga Anito at ng/ni Bathala.

Tinukoy naman ni Padre Alonso de Mentrida sa kanyang *Diccionario de la lengua bisaya, hiligueina y haraya de la isla de Panay* na ang pakahulugan ng babaylan sa panahon ng ika-17 ng siglo ay *"pare pare para sa mga babaye nga gentiles"* o pinuno ng mga hindi binyagan sa katoliko. Gayun rin ang babailan o sacerdotisa o sacerdote ay walang kasarian, kung kaya't maaari itong pantukoy sa babae o lalake.

Sa pag-aaral ni Demetrio (1973), isang teolohiyano lumabas naman na ang mga *bailan o balian* ng Bisaya lalo na ng Samar, Leyte, Cebu, Bohol, at ng Palawan at Hilagang Mindanao ay kapareho ng *babalian* sa Negros, *ballyan* sa Mandayas, *balyan* sa Negritos. Higit pa rito ang mga *bailan o balian* ay tinutukoy ring *daetan, catooran, mamumuhat, diwatero* sa ibang bahagi ng Bisayas at Hilagang Mindanao: *catalonan at anitera* sa mga Tagalog at Hilagang Luzon: *dorarakit o anitowan* sa mga Isnegs: *alopogan* sa mga Tinguians.


## 2. METODOLOHIYA

### *2.1 Ang Pantayong Pananaw*

Para kay Zeus Salazar, Ang "Pantayong Pananaw" ay isang metodo ng pagkilala sa kasaysayan at kalinangang Pilipino na nakabatay sa "panloob na pagkakaugnay-uganay at pag-uugnay ng mga katangian, halagahin (values), kaalaman, karunungan, hangarin, kaugalian, pag-aasal at karanasan ng iisang kabuuang pangkalinangan—kabuuang nababalot sa, at ipinapahayag sa pamamagitan ng iisang wika; ibig sabihin sa loob ng isang nagsasariling talastasan / diskursong pangkalinangan o pangkabihasnan.

"Pangkaming Pananaw" ang nagawa ng hanay ng mga Propagandista tulad nina Rizal, Luna atbp. bilang pamamaraan sa paglilinang ng kabihasnan natin. Ang kausap nila sa kanilang mga nilalathala ay ang mga banyaga—partikular ang mga kolonyalistang Kastila. Ang mga Kastilang ito na pinapaniwala ang mga indio na sila ang nagdala ng 'kaliwanagan' sa atin (bunga ng relihiyon) at utang natin ito sa kanila dahil tayo daw ay mga barbaro at walang sariling sibilisasyon, kung hindi sila dumating dito sa Pilipinas.

Mga edukado sa kaalaman ng liberalismo mula Europa ang mga Propagandista at mahusay mag-Kastila, kaya't karaniwang sa Kastila nila sinusulat ang kanilang mga likha. Ang pangkaming pananaw ang isa sa iniiwasan na mangyari sa suhestyon na metodo ng Pantayong Pananaw, sapagkat para makabuo ng isang metodong nagsasarili, mainam na umpisahan ang paglilinang sa mismong taga-loob.




Mula rito ay ninanais ng pananaliksik na ito na buuin ang imahe ng Babaylan na malayo sa pananaw ng mga mananakop.

Nais rin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang konseptong "atin" at ilapat ito sa pagtingin sa mga Babaylan na balikwas sa panlabas na lente.

## 3.Pagtatalakay

### *3.1. Pagtatangka sa Pananampalataya*

Isang malaking hamon mula noon hanggang ngayon sa mga Katoliko sa Pilipinas ang kung paano nga dapat tingnan ang pananampalataya ng isang karaniwang Filipino. Marami ng pagtatangka rito (Beltran,1987; Belita,1991; Bulatao 1992; Mercado 1997) ngunit parati't parating kalituhan ang resulta, litong pananaw sa pananampalataya ang nagiging bunga. Mula sa mga dokumento ng Ikalawang Konsilyo Plenaryo ng Pilipinas (PCP II). Tinuturan na:

> *We look at our expressions of popular piety and the strong residues of pre-Spanish religion in them- superstitious they often are: sacramental becoming anting-antings, saints taking over the place of anitos, the Supreme deity approachable only through lesser intermediaries. Aberrations there are in plenty and they must be recognized as such, they must be corrected. But correcting does not mean we lose sight of what authentic religious meanings and values they hold. (PCP II no.12).*

Mula sa talatang ito malinaw ang kontradiksyon sa mga taal na pananampalataya. Tinatawag na 'superstitions' ang mga nakikitang bakas ng pananampalataya bago dumating ang ipinataw na relihiyon ng mga mandarayuhang Kastila. Sa pag-unawa ng Simbahan, "*Superstitions*" o mga bagay na di-makatwiran at mula sa mga demonyo ang maraming ginagawang *'expressions of popular piety'.* Ngunit gayunman ay naniniwala naman rin sila na mayroong '*authentic religious meanings and values'* ang mga ito.

Naniniwala rin ang Simbahan sa mabuting aspekto ng kasalukuyang pananampalataya ay nanggaling o buhat sa mga dayuhan, sa hispanikong kristiyanismo samantala ay 'masama' naman ang galing sa taal na relihiyon.

Ang Trifocal na Pamahalaan




## Ang pagdaong ng mga Kastila

Sa pagdaong ng mga Kastilang mananakop, nabatid nila ang trifocal na sentro ng kapangyarihan sa mga komunidad. Natunton ng mga mananakop ang kanilang kapakinabangan sa mga datu at panday kaya't minarapat nilang makipagkasundo sa mga ito na nagbunsod ng mga sanduguan, at marami rin sa kanila sa huli ay naging kasangkapan upang higit na mapatatag ang kolonya ng Espanya noong ika-17 hanggang ika-19 dantaon.

Subalit bitbit ang Katolisismo, napagtanto nilang mayroon ng sinaunang relihiyon noon na nakakalat sa bansa na maaaring maging kasalungat — ang animismo o anitismo, at ito ay kalimitang pinangangalagaan ng mga babaeng nagsisilbing mga pinunong panrelihiyon na kilala sa iba-ibang katawagan: babaylan, katalonan, balyan, asog, ma-aram, atbp. (Magos, 1992); at sa katimugan naman ng Pilipinas ay malakas na ang pananampalatayang Islam.

Hindi naging mahigpit ang Simbahan sa unang dekada ng pananakop sa pagsupil ng katutubong pananampalataya (Gerona, 2019; Phelan, 1959) kaya't ang mga katutubong nabinyagan ay patuloy na pinayagang tumangkilik sa animismo kasabay ng Katolisismo (Gerona, 2019; Gerona, 2005); ang mga aral ng kalinangang Kastila na ipina-unawa sa mga katutubo ay inayon sa umiiral na tradisyong espiritwal na nakasalig sa animismo o paganismo (Canceran, 1993). Sapagkat ang tradisyon at kalinangan ang itinuturing na pundasyon ng katutubong pamayanan, doon din itinuon ng mga misyonero ang ideolohikal na pakikipagdigma sa mga tagabantay nito (Gerona, 2005).

Naging behikulo ng bagong pananampalataya ang paggamit ng mga misyonero ng mga konseptong;

> *maleficia* [paggawa ng masama], *hechiceria/brujeria* [pangungulam], *diablura* [pagsamba sa demonyo] at *idolatria* [pagsamba sa mga diyus-diyosan]

na kinakastigo ng Inquisition noong Panahon ng Kadiliman (Middle Ages) sa Europa. Ang mga banyagang konsepto na ito ay inihambing, iniangkop at inilapat sa katutubong konteksto. Inihambing nila ang pagiging malapit ng ating mga ninuno sa kalikasan at ang pagsamba sa mga pwersa ng kalikasan sa konsepto ng idolatria at itinuring ang mga ito bilang mga kasuklam suklam na gawain (Gerona, 2019).

## Ang Babaylan sa Pantayong Pananaw

Sa pag-aaral ni Salazar, ang mga babaylan ay tinataguring makapangyarihan at maimpluwensya.

Itinuturing din siyang 'proto-scientist' dahil sa kanyang karunungan sa mga tao at sa manlilikha, dagdag pa rito ang kanyang lubos na pag-unawa sa mga hiwaga ng kalikasan.

Para kay Miclat-Cacayan, mahalagang gampanin ng mga babaylan sa 'psychospiritual' na aspeto ng komunidad na kanyang kinabibilangan.

Para kay Perlas Paredes-Daly, lima ang tukoy na katungkulan ng mga babaylan; Mandirigma, Guro, Manggagamot, Paham at Punong-mandarasal.

Bilang mandirigma, sa kanya nakatuon ang pagsisigurado na kaligtasan ng lahi kasama rito ang ang transpormasyon at transmutasyon ng kapangyarihan.

Bilang guro naman ay tinututukan niya ang pag-unlad at pagsasalin ng kalinangang-bayan. Siya ang nagtuturo ng sayaw, awit, musika, kwento at mito.

Ang kanyang pagiging manggagamot naman ay kahalintulad sa pag-aalaga ng kaginhawahang pang-komunidad, mula sa mga pisikal na sugat at sakit hanggang sa mga espiritwal o hindi nakikitang karamdaman. Gayun rin ay instrumental siya sa pag-ahon ng mga komunidad matapos makaranas nito ng trahedya o masamang sitwasyon na maaring dulot ng tao o ng kalikasan.

Sa kanyang pagiging paham, ay naghahain siya ng mga karunungan, ideya at pag-unawa upang maging gabay sa kanilang panahon. Sa kanyang karunungan rin ay dumudulog ang komunidad sa kanilang mga desisyon.

Ang kanyang pagiging punong-mandarasal naman ay "inuugnay niya ang mga nakikita at hindi nakikita, ang espiritwal at ang pisikal na mundo upang higit na mapakahuluganan ang buhay, gayun rin ang kamalayan at saysay ng mundo"

## 4. Kongklusyon


Gamit ang Pantayong Pananaw, marapat at napapanahon ng tukuyin ang tunay at awtentikong ambag at kahalagahan ng mga Babaylan sa ating komunidad. Instrumental ang kanilang ginampanan sa trifocal na pamayanan. Masalimuot ang kanilang naratibo, malaking kasalanan sa kasaysayan ang hindi pagtatama ng kanilang imahe.

Panahon ng isulat, sambitin at iulat ang kanilang tunay na halaga. Samakatwid, kailangan ang isang imahe ng mga babaylan sa lente ng Pantayong Pananaw.

Malayo sa mga dayuhang imahe na ipinutong sa kanila, malayo sa kasamaan at kadiliman, malayo sa mga kasinungalingang ipinakalat sa kanila.

Ang mga Babaylan ay ang liwanag ng mga sinaunang balangay, ang sumataong espiritu ng karunungan, katapangan at kagalingan- ito ang kanilang tunay at nararapat na imahe.

Bilang pangwakas ay narito ang tula na pakapakahulugan sa Baybayan Mandala, na Malaya ring isinalin ng isa sa mga awtor.




The *Babaylan Mandala* represents YOU,
your soul and existence in the cosmos.
YOU are the BAHALA Tree of Life at the center of Creation.
With symbols and sacred numbers
The Mandala tells you
you are *kapwa*, kin, connected
to Everything
Earth, Water, Air and Fire,
Seen and Unseen,
Dark and Light

Macrocosm and Microcosm.
You are not alone…
You are kin — *kapwa* —
to all blessed beings and Creation.

*Beautiful, beloved,*
*blessed friend,*
Behold!
See now
how expansive
and un-alone
you truly are!

---

Ang *Babaylan Mandala* ay naglalarawan sa iyo,
Sa iyong kaluluwa at sa pagkameron sa kalawakan,
Ikaw ang BAHALA, ang puno ng buhay sa gitna ng mga nilikha
kalakip ng simbolo at mga sagradong numero
Ang Mandala ay nagsasabing
Ikaw ang kapwa, kaanak, kaugnay ng lahat
Mundo,Tubig, Hangin at Apoy,
Nakikita at di-nakikita,
Dilim at Liwanag,
Sa Lawak at liit ng daigdig.
Hindi ka nag-iisa.
Ikaw ang kaanak- kapwa-
-sa lahat ng pinagpalang nabubuhay at nilikha.

Kagandahan, kinagigiliwan,
Mapalad na kaibigan,
Masdan!
Tunghayan ngayon.
Kung gaano kalawak
Ang iyong hindi pag-iisa,
Ikaw nga!
(Malayang Salin ni Jessie Sanchez de Lara)

## 5. Pasasalamat

Lubos at higit na pasasalamat kay Dr. Zeus Salazar at sa Pantayong Pananaw.

Panalangin at liwanag para kay Ading Grace Nono.

Kay Zeny Sanchez, mandarasal at haligi ng tahanan.

Kay Ma. Milagros Pollente, isang ina at sa lahat ng ina ng tahanan

## 6. Sanggunian

Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines. Manila: The Secretariat, Second Plenary Council of the Philippines, 1992. Print.

Agpalo, Remigio. "Liwanag at Dilim: The Political Philiosphy of Emilio Jacinto"

Belita, Jaime A. *The Way of Greater Self: Constructing a Theology Around a Filipino Mythos.* Manila: De La Salle University Press, 1991. Print

Gealogo, Francis A. "Hermeneutika ng Pakikipagtunggali:Ang Pagpapakahulugan sa Diskuros ng Pakikibakang Panlipunan" sa *The Philippine Social Science Review*, 1994.pp 1-37. Print.

Gutierrez, Lucio. *Historia de la Iglesia en Filipinas* (1565-1900). Madrid: Editorial MAPFRE, 1992. Print

Hernandez, Jose Rhommel B. "Ang Pag-aangkin ng mga Pilipino sa Kristyanismo: Ang Kaso ng Libritong Kasaysayan ng Langit, Kapangyarihan Laban sa Kasamaan " sa *Colloquian Manilana.* Vol. 11, pp. 80-120, 2003. Print

Hernandez, Jose Rhommel B. "Mula Anito Hanggang Kasaysayan ng Langit: Panimulang Pagbabalangkas Tungo sa Bagong Kasaysayan ng Pananampalatayang Katoliko sa Pilipinas (3000 B. K.- 1950)" sa *MALAY.* Tomo 30 Blg 2, pp. 81-96, 2018. Print

Nono, Grace *"Song of the Babaylan: Living Voices, Medicines, Spiritualities of Philippine Ritualist-Oralist-Healers"* Institute of Spirituality in Asia Research Series on Spirituality No. 8. 2013.Print

Salazar, Zeus A. "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History" sa Z.A. Salazar, ed. *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology.* Kolonya: Counselling Center for Filipinos, 1983. Print

_____________. "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas" sa *Bagong Kasaysayan* Lathalain Blg. 4. Lungsod Quezon. BAKAS, 1999. Print

_____________. Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan ni Atoy Navarro et al., mga patnugot. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng bagong Kasaysayan.* Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000. Print.

Schumacher, John N. *Reading in the Philippine Church History*. Quezon City: Loyola School of Theology. 1987. Print

Takefumi, Terada. "The Friar Memorial of 1898" Sa Blair and Robertson. *The Philippine Islands*, vol 52. Print.

Zaide, Gregorio F. *Catholicism in the Philippines.* Manila: Sto. Tomas University Press, 1937. print